Nobyembre 2023

# Buod at Update sa Relokasyon ng Silverada Manor

### Ano ang nangyayari sa Silverada Manor at sino si HousingToHome?

Upang tiyakin na patuloy na magkakaroon ng mga abot-kayang apartamento sa hilagang Nevada para sa darating na mga dekada, ang Reno Housing Authority (RHA) ay muling papaunlarin ang Silverada Manor. Tulad ng tinalakay sa mga nakaraang pulong ng residente, ito ay nangangahulugan na mayroong mga malawakang panloob, panlabas, at pang-lugar na pagpapabuti na magaganap sa ari-arian. Ang trabaho ay gagawin nang tig-iisang yugto sa buong ari-arian hanggang matapos ang pagkumpuni sa lahat ng mga yunit. Bunga nito, ang mga residente ay pansamantalang ipalilipat habang nagaganap ang konstruksyon sa kanilang tahanan. Gagawin ang bawat pagsusumikap upang mabawasan ang epekto sa mga residente. Kapag posible, ang ilang mga residente ay kinakailangan lamang lumipat nang isang beses mula sa kanilang kasalukuyang yunit patungo sa isang yunit na hustong kinumpuni. Subalit, may ilang mga residente na maaaring pansamantalang tumira sa looban bago lumipat sa yunit na hustong kinumpuni. Sa wakas, sa mga unang yugto, may ilang mga residente na maaaring kinakailangang tumira nang pansamantala sa ibang bakanteng yunit sa labas na lugar na kabilang sa RHA portfolio o sa isang yunit sa loob ng pamayanan.

Nakatakdang magsimula ang konstruksyon sa tagsibol ng 2024 at inaasahang makumpleto sa taglagas ng 2025.

Naiintindihan namin na ito ay isang nakakastress na oras para sa mga residente, at mahirap ang paglilipat ng tirahan. Upang tiyakin na nasa iyo ang lahat ng suporta at impormasyon na kinakailangan mo bago, habang, at matapos mangyari ang relokasyon, ang RHA ay umupa sa **HousingToHome** (HTH). Nagpapakadalubhasa sa pagtutulong sa mga residente ang HTH sa bawa’t hakbang ng relokasyon na proseso. Ginagawa nila ang trabahong ito sa buong bansa, at sila ay mga dalubhasa sa larangan ng relokasyon.

Espesipikong itinalaga sa Silverado Manor, ang isang panloobang tagapamahala ng relokasyon sa HTH ang tutulong sa relokasyon ng bawat residente . Ang HTH at RHA ay nagtutulungan sa proyektong ito at nagnanais na tiyaking nasa iyo ang lahat ng posibleng impormasyon sa bawat hakbang ng proseso.

### Anong tulong at mga serbisyo sa relokasyon ang maaari kong matanggap?

- Isang personalisadong pagtatasa sa relokasyon kasama ang tagapamahala ng relokasyon sa HTH. Bibigyan ka ng maraming oras upang harap-harapang magtagpo kayo ng tagapamahala ng relokasyon sa HTH, magbigay ng impormasyon sa pamamahay, at magbuo ng isang espesyal na plano sa relokasyon na pinakamabuti para sa iyo at iyong pamilya.

- Ang espesyalista ng mga relokasyon sa HTH ay magkakaroon ng opisina sa looban ng Silverada Manor. Upang isaalang-alang ang iyong iskedyul, makokonsulta ang espesyalista sa HTH mula sa Lunes hanggang Biyernes, at tsaka sa mga gabi at katapusan ng linggo kung kinakailangan. Sinasalubong at hinihikayat ang mga kaibigan, kapamilya, at iba pang sumusuporta na miyembro na samahan ka sa buong prosesong ito na kasama ang HTH. Maglalaan ng serbisyo sa pagsasalin kung kinakailangan para sa mga residente.

- Tatanggap ng mga abiso sa relokasyon ang mga residente mula sa HTH, kabilang ang: RAD Information Notice (RIN), General Information Notice (GIN), 30-Day RAD Notice of Relocation, at Notification of Return.

- Ikaw ay hindi nag-iisa sa prosesong ito! Gagawin ang bawat pagsusumikap upang mabawasan ang epekto sa mga residente. Kapag posible, ang ilang mga residente ay kinakailangan lamang lumipat nang isang beses mula sa kanilang kasalukuyang yunit patungo sa isang yunit na hustong kinumpuni. Subalit, may ilang mga residente na maaaring pansamantalang tumira sa looban bago lumipat sa yunit na hustong kinumpuni. Sa wakas, sa mga unang yugto, may ilang mga residente na maaaring kinakailangang tumira nang pansamantala sa ibang bakanteng yunit sa labas na lugar na kabilang sa RHA portfolio o sa isang yunit sa loob ng pamayanan. Tutulungan ka ng HTH sa buong prosesong ito!

- Uupa at makikipag-ugnayan ang HTH sa isang lisensyado at garantisadong kumpanya sa paglilipat upang kumpletuhin ang iyong paglipat nang walang gastos sa iyo. Bibigyan ka ng mga kahon, pambalot, at tape sa sapat na panahon bago ang petsa ng iyong paglipat. Isa pa, kung hindi mo kayang mag-impake at alisin sa pagkakaimpake ang iyong mga pag-aari nang mag-isa, titiyakin ng HTH na tutulungan ka rin ng kumpanya sa paglilipat sa mga gawaing ito.

- Padadaliin ng HTH ang paglipat ng kable, internet at iba pang mga utilidad, mga pagbabago ng adres sa lingkurang pangkoreo, at kahit anumang mga pantahanang serbisyo. Babayaran o isasauli ng RHA ang nagasta sa lahat ng mga kinakailangang bayad sa paglipat, pagdiskonekta, at pagkonektang-muli.

- Ang mga serbisyo ng kumpanya sa paglilipat, mga materyales sa pag-iimpake, tulong sa pag-iimpake/paglabas sa pagkakaimpake at mga serbisyong pagdiskonekta/pagkonektang-muli ay ibibigay sa iyo kapag ikaw ay lilipat mula sa iyong kasalukuyang tahanan patungo sa pansamantalang yunit ng relokasyon, kung kinakailangan, at kapag ikaw ay babalik sa iyong yunit pagkatapos ng konstruksyon.

**Wala kang magiging karagdagang gastos at/o babayaran mula sa iyong sariling bulsa para sa anumang tulong sa relokasyong ito.**

**Maaari ba akong bumalik sa mismong tahanan ko sa Silverada Manor pagkatapos ng konstruksyon sa lugar?**

Bawat residente sa Silverada Manor ay may karapatang bumalik sa ari-arian kapag natapos ang konstruksyon. Kung alinman sa mga residente ay pansamantalang lumipat sa labas na lugar, sila ay mayroong karapatang bumalik sa Silverada Manor. Bagama't may karapatan kang bumalik sa ari-arian, hindi namin magagarantiya na makakabalik ka sa iyong eksaktong yunit pagkatapos ng pagkukumpuni. Upang matiyak na makukumpleto ang proyekto nang mahusay at mabawasan ang bilang ng mga paglipat na kailangang gawin ng mga residente, ang mga residente ay maaaring ilipat mula sa kanilang kasalukuyang yunit patungo sa hustong kinumpuni na yunit sa ibang gusali ng Silverada Manor. Bukod pa rito, kinakailangan ang RHA na magbawas hangga't nasa tamang sukat ng mga pamamahay samantalang nangyayari ang prosesong ito. Batay sa mga alituntunin ng HUD, kung nangangailangan ka ng karagdagan o mas kakaunting bilang ng mga silid-tulugan kumpara sa kasalukuyang tinitirhan mo, maaari kang bumalik sa isang yunit na ibang sukat para sa iyo at iyong pamamahay.

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring kumontak sa silvproject@renoha.org o 775.329.3630 ext. 279.